## *Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ipasahod (Minimum Wage Ordinance)*
## *Tsapter 12R Kodigong Administratibo (Administrative Code)*

### *Mga Madalas Itanong*
### *Binago Setyembre 21, 2018*

**1.** **Tanong: Saan ko puwedeng makita ang kasalukuyang minimum o pinakamababa nang posibleng sahod sa San Francisco?**

**Sagot:** *Nakapaskil ang kasalukuyang minimum na sahod sa San Francisco sa www.sfgov.org/olse/mwo. Puwede rin kayong tumawag sa Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement, OLSE) sa (415) 554-6292.*

*Iniaayon ang minimum na sahod ng San Francisco nang isang beses kada taon. Tuwing Hulyo 1, tumataas ang halaga ng minimum na sahod sa San Francisco batay sa halaga ng pagtaas ng nakaraang taon, kung mayroon man, ayon sa Consumer Price Index (sumusukat sa karaniwang pagbabago sa mga presyo) na para sa mga sumasahod sa lungsod at sa mga klerikal na manggagawa ng pang-istatistikong lugar na San Francisco-Oakand-San Jose, CA.*

*Ginagamit ng Lungsod ang pagbabago mula sa isang taon batay sa kalendaryo tungo sa susunod na taon, na nasa Consumer Price Index, at nang magawan ng kalkulasyon ang taunang pagtataas, kung mayroon man, sa halaga ng minimum na sahod sa San Francisco.*

**2.** **Tanong: Ipinatutupad ba ang minimum wage ng San Francisco sa lahat ng taga-empleyo na may mga empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco?**

**Sagot:** *Oo. Kailangang bayaran ng lahat ng taga-empleyo, saan man ang kanilang lokasyon, ang kanilang mga empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco ng minimum na sahod ng San Francisco.*

**3.** **Tanong: Ipinatutupad ba ang minimum na sahod ng San Francisco sa full-time (mga 35 oras sa isang linggo) at part-time (mas mababa sa 35 oras sa isang linggo) na mga empleyado?**

**Sagot:** *Oo. May karapatang mabayaran ng minimum na sahod ng San Francisco ang sinumang tao na gumagawa ng hindi bababa sa dalawang oras ng trabaho sa isang partikular na linggo sa loob ng heyograpikong hangganan ng Lungsod, para sa taga-empleyo.*

**4.** **Tanong: Pareho ba ang minimum na sahod ng San Francisco kapwa sa mga nasa sapat na gulang at sa mga menor de edad na empleyado?**

**Sagot:** *Oo.*

**5.** **Tanong: Nasasakop ba ng minimum na sahod ng San Francisco ang mga empleyadong nagtatrabaho sa San Francisco pero hindi residente ng Lungsod?**

**Sagot:** *Oo. May karapatang mabayaran ng minimum na sahod ng San Francisco ang sinumang tao na gumagawa ng hindi bababa sa dalawang oras ng trabaho sa isang partikular na linggo sa loob ng heyograpikong hangganan (geographic boundaries) ng Lungsod, para sa taga-empleyo.*

**6.** **Tanong: Ano ang kasama sa depinisyon ng "mga sahod (wages)" sa ilalim ng minimum na sahod ng San Francisco)?**

**Sagot:** *Kasama sa mga sahod ang bayad na natatanggap sa anyo ng suweldo, bayad kada oras, halaga kada piraso (piece rate), komisyon, at bonus batay sa pagganap na hindi pinagpapasyahan ng isang tao (non-discretionary performance bonus). Bukod rito, pinahihintulutan din ng Lungsod ang mga taga-empleyo na mabawasan ang bahagi ng minimum na sahod ng San Francisco para sa mga gastos sa pabahay at pagkain. Magkapareho ang mga pagbabawas (offsets) sa Lungsod para sa mga gastos sa pabahay at pagkain at ang mga pagbabawas na makukuha sa ilalim ng batas ng estado ukol sa minimum na sahod.*

*Kikilalanin lamang ang mga pagbabawas na ito kung may paunang boluntaryo at nakasulat na kasunduan sa pagitan ng taga-empleyo at empleyado. Hindi kasama sa mga sahod ang mga tip.*

**7.** **Tanong: Pinoprotektahan ba ng Ordinansa ng San Francisco ukol sa Minimum na Sahod ang mga manggagawang walang dokumentasyon (undocumented)?**

**Sagot:** *Oo. Lahat ng manggagawa sa San Francisco -- legal man silang awtorisado na magtrabaho sa Estados Unidos o hindi --ay protektado. Ipoproseso ng Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Lungsod ang paghahabol ng bayad (wage claim) nang hindi isinasaalang-alang ang estado ng pagiging migrante ng mangagawa. Hindi tatanungin ang mga manggagawang magfa-file ng paghahabol ng bayad sa Lungsod ng tungkol sa estado ng kanilang pagiging migrante.*

**8.** **Tanong: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga batas ukol sa minimum na sahod ng Pederal na gobyerno, ng Estado, at ng San Francisco?**

***Sagot:*** *Kinakailangang sumunod ang mga taga-empleyo sa San Francisco sa mga batas ukol sa minimum na sahod ng Pederal na gobyerno, ng Estado, at ng San Francisco. Kung may magkakasalungat sa itinatakda ng mga batas, kailangang sundin ng taga-empleyo ang mas istriktong pamantayan; na ang ibig sabihin, iyong mas kapaki-pakinabang sa empleyado. Dahil dito, yaman din lamang at nagtatakda ang kasalukuyang batas ng San Francisco ng mas mataas na minimum na sahod kaysa sa batas ng estado at ng pederal na gobyerno, kailangang magbayad ang lahat ng taga-empleyong may mga empleyadong nagtatatrabaho sa San Francisco, at nasasakop ng mga batas, ng minimum na sahod ng Lungsod, maliban na lamang kung hindi kasama o exempt sa ilalim ng batas ng California ang kanilang mga empleyado.*

**9.** **Tanong: Kailangan ko bang magbayad ng minimum na sahod ng San Francisco sa mga indibidwal na hindi kasama sa minimum na sahod ng estado?**

**Sagot:** *Sa ilalim ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ipasahod (S.F. Kodigong Administratibo Tsapter 12R), itinatakda sa mga taga-empleyo na magbayad ng minimum na sahod ng San Francisco sa mga empleyadong may karapatang makatanggap ng minimum na sahod ng estado. May ilang kategorya ng mga manggagagawa, kasama na ang mga independiyenteng kontratista, mga nag-aaral (learner) at ilang may kapansanang manggagawa, na walang karapatan sa minimum na sahod ng estado.*

*Ang pagsisiyasat ukol sa espesipikong mga katunayan (fact-specific inquiry) ang makapagbibigay ng pasya kung empleyado o independiyenteng kontratista ang isang tao. Kapag ginagawa ang pagpapasyang ito, pinagbabatayan ng OLSE ang batas ng estado at ang mga salik (factors) na nakabalangkas sa Dynamex Operations W., Inc. v. Superior Court, 4 Cal. 5th 903 (2018), reh'g denied o tinanggihan (Hunyo 20, 2018).*

*Itinatakda ng hiwalay na ordinansa, ang Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Halaga sa Pangongontrata ng mga Propesyonal na Serbisyo (Professional Services Minimum Contractual Rate Ordinance) sa mga sakop na entidad na bayaran ang mga independiyenteng kontratista ng halaga na kapantay man lamang ng minimum na sahod ng San Francisco. Tingnan ang S.F. Kodigong Administratibo (Admin Code) Tsapter 12V para sa mga detalye.*

*Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga kategoryang ito ng mga manggagawa, pakikonsulta ang mga kautusan ukol sa sahod o wage order ng Komisyon ukol sa Industriyal na Kapakanan (Industrial Welfare Commission) (https://www.dir.ca.gov/IWC/WageOrderIndustries.htm) at/o ang Dibisyon para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (Division of Labor Standards Enforcement) (https://www.dir.ca.gov/DLSE).*

**10.** **Tanong: Puwede bang pumayag ang empleyado na magtrabaho nang mas mababa kaysa sa minimum na sahod ng San Francisco?**

***Sagot:*** *Obligasyon ng taga-empleyo ang minimum na sahod ng San Francisco at hindi ito puwedeng iwaksi ng empleyado, maliban na lamang kung may tapat o bona fide na collective bargaining agreement o kasunduan batay sa kolektibong pakikipagnegosasyon.*

**11.** **Tanong: Ano ang puwede kong gawin kapag hindi ako binayaran ng aking pinagtatrabahuhan ng kahit man lamang minimum na sahod ng San Francisco?**

**Sagot:** *Puwede kayong mag-file ng paghahabol sa sahod o wage claim sa Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement, OLSE) ng Lungsod, o mag-file ng kaso sa hukuman laban sa inyong pinagtatrabahuhan. Kapag pinili ng empleyado na mag-file ng claim sa OLSE na nagbibintang ng hindi pagbabayad ng kanyang pinagtatrabahuhan ng minimum na sahod ng San Francisco, kailangang i-file ng empleyado ang claim sa pamamagitan ng koreo o nang personal.*

**12.** **Tanong: Ano ang puwede kong gawin kapag ginantihan ako ng aking pinagtatrabahuhan dahil kuwinestiyon ko ang hindi nilang pagbabayad sa akin ng minimum na sahod ng San Francisco?**

**Sagot:** *Sa ilalim ng ordinansang ito, labag sa batas para sa taga-empleyo na gantihan ang mga empleyadong iginigiit ang kanilang karapatan na makatanggap ng minimum na sahod ng San Francisco. Mayroong nahahamong pagpapalagay (rebuttable presumption) ng pagganti kapag gumawa ng masamang aksiyon laban sa isang tao sa loob ng 90 araw matapos na gamitin ng taong ito ang kanyang mga karapatang protektado sa ilalim ng batas. Kapag nakaranas kayo ng pagganti, puwede kayong mag-file ng paghahabol o claim sa Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (OLSE) ng Lungsod, o mag-file ng kaso sa hukuman laban sa inyong pinagtatrabahuhan.*

**13.** **Tanong: Anong sahod ang dapat ibayad ng taga-empleyo sa suwelduhang empleyado na hindi sakop ng overtime (dagdag na trabaho sa regular na oras) sa ilalim ng batas ng estado? Kailangang bang magbayad ang taga-empleyo ng doble ng minimum na sahod ng estado o doble ng minimum na sahod ng San Francisco?**

**Sagot:** *Puwede lamang pagpayuhan ng Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa (OLSE) ang mga taga-empleyo ng tungkol sa pagsunod sa Ordinansa ukol sa Minimum na Sahod ng San Francisco. Hindi napapayuhan ng OLSE ang mga taga-empleyo kung paano sila makasusunod sa batas ng estado, kasama na ang batas ng estado na sumasakop sa sahod para sa mga suwelduhang empleyado na hindi kasama sa pag-oovertime. Pakikontak ang Komisyoner sa Paggawa ng Estado ng California (California State Labor Commissioner) para sa impormasyon tungkol sa pagsunod sa batas ng estado.*

**14.** **Tanong: Nagtatrabaho ako sa restawran bilang waitperson (weyter o weytres). Puwede bang gamitin ng aking pinagtatrabahuhan ang aking mga tip bilang kredito tungo sa obligasyon nitong bayaran ako ng minimum na sahod ng San Francisco?**

**Sagot:** *Hindi. Hindi puwedeng gamitin ng taga-empleyo ang mga tip ng empleyado bilang kredito tungo sa obligasyon nitong magbayad ng minimum na sahod ng San Francisco.*

**15.** **Tanong: Ipinatutupad ba ang Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ipasahod sa mga empleyadong sakop ng nariyan nang collective bargaining agreement o kasunduan batay sa kolektibong pakikipagnegosasyon?**

**Sagot:** *Oo. Ang Ordinansa ukol sa Minimum na Sahod ng San Francisco (Minimum Wage Ordinance, MWO) ang minimum na pamantayan sa paggawa at batas para sa pangkalahatang pagpapatupad (law of general application), at ipinatutupad ito sa lahat ng empleyadong sakop ng ordinansa, may representasyon man sila ng unyon o wala. Gayon pa man, sa ilalim ng Administratibong Kodigo ng San Francisco Seksiyon 12R.8, posibleng maiwaksi ang mga probisyon ng MWO sa pamamagitan ng collective bargaining agreement. Itinatakda ng MWO na nasa tapat na collective bargaining agreement ang pagwawaksi, at kailangang naipahayag ito, at kailangang nakasaad nang malinaw at tiyak ang mga termino. Malaya ang mga partidong may collective bargaining agreement na magkaroon ng mga negosasyon sa anumang lengguahe na gusto nila, at hindi makikialam ang departamento o lalahok sa pakikipagnegosasyon na nasa gayong lengguahe. Posibleng may iba't ibang paraan upang makagawa ng epektibong pagwawaksi sa collective bargaining agreement. (Isang lapit, na kikilalanin ng departamento para sa mga layunin ng pagpapatupad, ang sumusunod: "Pagwawaksi o Waiver ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ipasahod ng San Francisco: Hanggang sa pinakahangganan ng pinahihintulutan, ipatutupad ang kasunduang ito upang iwaksi ang anumang probisyon ng Ordinansa ukol sa Pinakamababa nang Posibleng Ipasahod ng San Francisco, na Administratibong Kodigo Tsapter 12R ng San Francisco, at papalitan nito at ituturing nang natugunan ang lahat ng itinatakda ng nabanggit na Ordinansa ayon sa pagkakasulat nito sa kasalukuyan, o sa pagkaka-amyenda nito sa panahon ng pagkakaroon ng bisa ng kasunduang ito."*

**16.** **Tanong: Puwede bang ibilang ang mga komisyon tungo sa pagbabayad ng minimum na sahod ng San Francisco?**

**Sagot:** *Oo. Puwedeng ibilang ang mga komisyon tungo sa pagbabayad ng minimum na sahod ng San Francisco. Kung katumbas ng mga nakukuha at binabayarang komisyon, kasama ang iba pang bayad na ibinibigay sa empleyado ang kasalukuyang minimum na sahod ng San Francisco, o higit pa rito, natutugunan na ang itinatakdang minimum na sahod ng Lungsod. Para sa bawat panahong sakop ng suweldo o pay period, kailangang bayaran ng mga taga-empleyo ang empleyado ng halaga na katumbas o lampas pa sa mga oras na trinabaho ng empleyado na naka-multiply sa kasalukuyang minimum na sahod ng San Francisco. Kung mas mababa sa halagang ito ang mga komisyon ng empleyado para sa panahong sakop ng suweldo, kasama na ang iba pang nakuhang bayad, kailangang bayaran ng mga taga-empleyo ang pagkakaiba. Ang pagbawi o hindi ng taga-empleyo sa anumang halagang batay sa mga komisyon na makukuha ng empleyado sa susunod pang panahon na sakop ng suweldo o pay period, o na babayaran sa iba pang susunod na petsa ay depende sa kung may naipapatupad na nakasulat na kasunduan ang taga-empleyo at ang empleyado.*

**17.** **Tanong: Negosyong pinatatakbo ng pamilya ang aking negosyo. Kailangan ko bang bayaran ang aking magulang, asawa, o anak ng minimum na sahod ng San Francisco?**

***Sagot:*** *Hindi. Tulad ng Kodigo sa Paggawa ng California, Seksiyon 3352 (a) Hindi sakop ng minimum na sahod ng San Francisco ang mga indibidwal na magulang, asawa o anak ng mga taga-empleyo. (Hindi rin kasama sa ilalim ng Ordinansa ukol sa Minimum na Sahod ng San Francisco ang mga domestikong ka-partner). Gayon pa man, kailangang bayaran ng taga-empleyo ng itinatakdang minimum na suweldo ng San Francisco ang sinumang tao na nagsasagawa ng mahigit sa dalawang oras ng trabaho sa isang linggo, at kuwalipikado bilang empleyadong may karapatan sa pagtanggap ng bayad na minimum na sahod mula sa sinumang taga-empleyo sa ilalim ng batas ukol sa minimum na sahod ng California, ayon sa nakasaad sa Seksiyon 1197 ng Kodigo sa Paggawa ng California at mga kautusan ukol sa sahod na inilathala ng Komisyon ng California para sa Industriyal na Kapakanan (California Industrial Welfare Commission).*

Paki-email ang iba pang tanong sa MWO@sfgov.org
O tumawag sa (415) 554-6292.
www.sfgov.org/olse/mwo

***Layunin ng fact sheet (papel na naglalaman ng impormasyon) na ito na magbigay lamang ng pangkalahatang impormasyon at hindi nito taglay ang lakas na mayroon ang mga legal na opinyon.***

Ipinagkakaloob ang impormasyong ito ng Opisina para sa Pagpapatupad ng mga Pamantayan sa Paggawa ng Lungsod bilang pampublikong serbisyo. Inihaharap ang impormasyon at kaugnay na materyales na ito upang bigyan ang publiko ng pamamaraang makakuha ng impormasyon tungkol sa batas sa minimum na sahod ng San Francisco. Kailangang maging malay kayo na bagamat pinananatili naming napapanahon at tala ang impormasyon, madalas na may pagkaantala sa pagitan ng mga opisyal na publikasyon ng mga materyales at sa pagbabago sa mga pahinang ito. Dahil dito, wala kaming mga garantiyang ipinahahayag o ipinahihiwatig. Gagawin namin ang lahat upang maitama ang mga pagkakamali kapag tinawag ang aming pansin sa mga ito.